ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LVI Blg. 22
Nobyembre 21, 2025
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

Pandayin ang lakas ng sambayanan sa gitna ng masidhing pampulitikang krisis ng rehimeng US-Marcos

Niyayanig ng masidhing krisis pampulitika ang rehimeng Marcos. Ito ay kasunod ng pagbubunyag ng dati niyang alyado at utusan sa kongreso na si Marcos mismo ang nasa tuktok ng malaking burukrata kapitalistang sindikato sa gubyerno na kumukolekta ng kikbak at suhol sa daan-daan bilyong pisong mga proyektong imprastruktura. Hindi ikinagulat ng taumbayan ang pagbubunyag na ito, pero lalo nitong ginatungan ang kanilang nag-aalab na galit sa engrandeng iskema ng korapsyon at pagnanakaw ni Marcos sa pondo ng bayan.

Dahil siya ang inipit at inilalaglag ni Marcos, nagsalita si dating kongresman Zaldy Co na mismong si Marcos ang nag-utos sa kanya, bilang pinuno ng komite sa badyet sa kongreso, na magsingit ng ₱100-bilyong proyekto sa badyet ng 2025. Ibinunyag niyang siya mismo ang nagdala ng male-maletang kikbak sa bahay ni Marcos at sa Malacañang.

Katugma at katulad ito sa naunang testimonya sa senado ni Roberto Bernardo, dating mataas na upisyal ng Department of Public Works and Highways (DPWH) na bilyun-bilyong pisong kikbak sa mga proyektong pang-imprastruktura ang dineliber niya sa mga susing upisal ng Malacañang.

Sinakyan ng mga lider ng Iglesia ni Cristo ang malawak na kilusang protesta laban sa korapsyon. Hinakot sa Luneta ang mga mananampalataya nito para magpakitang-gilas at balaan si Marcos na huwag iipitin ang mga negosyo nitong nalantad na kasosyo ng mga Discaya sa maaanomalyang proyekto. Sumakay din ang mga Duterte at ibang naka-aalyado nitong pangkating anti-Marcos para magpakana ng rali sa tangkang mag-udyok sa mga upisyal militar na talikuran si Marcos.

Sa desperadong tangka na linisin ang putikang mukha ni Marcos, pinalalabas ngayong wala siyang alam sa bilyun-bilyong pisong kikbak na dinadala sa palasyo, at na ginamit lamang ang kanyang pangalan ng malalapit niyang upisyal. Sa taranta, karakarakang tinanggal ang pinakamataas na upisyal ng gabinete, kalihim sa badyet at ilang susing upisyal, bagay na nagdaragdag at nagpapalalim sa mga lamat sa pangkating Marcos.



Nagkakandarapa ngayon ang Malacanang na itago ang bundok ng salaping kinurakot ni Marcos sa pondo ng bayan. Katuwang niya ang ilang grupong tulad ng Akbayan na umaastang anti-korapsyon pero nagsasanggalang sa kanya sa pamamagitan ng pagkwestyon sa pagbubunyag na mismong siya'y sangkot at nasa tuktok ng pangungurakot. Ipinapa-

nakot nila ang posibilidad na humalili ang kasimbulok na si Sara Duterte para sagkaan ang panawagan ng taumbayan na wakasan ang rehimeng US-Marcos.

Nakatunghay ang imperyalistang amo ni Marcos. Sa pamamagitan ng kontrol nito sa AFP, patuloy na nananatiling buo ang suporta ng US kay Marcos. Dala nito ang linya na pakana ng China ang "destablisasyon" laban kay Marcos. Gayunman, nakahanda itong ilipat ang suporta sa ibang paksyon na patuloy na magtataguyod sa interes sa ekonomya, pulitika at militar ng US sa bansa. Mahigpit itong naka-ugnay at nagbibigay ng pondo sa grupong Akbayan bilang reserbang kabayo nito, kahit pa nananatiling opsyon na iupo ang paksyong mas militarista, laluna para tuwirang supilin ang lumalakas na progresibo at makabayang kilusang masa.

Hindi tumitigil ang agos ng mga protestang anti-korapsyon. Patuloy ang mga *walkout* at kilos protesta ng mga kabataang estudyante sa iba't ibang panig ng bansa. Umuusbong ang malawak na pagkilos ng mga manggagawa, mga maralitang komunidad, at ng iba't ibang demokratikong uri at sektor. Pasistang karahasan at pananakot ang isinasalubong ng rehimeng Marcos para busalan ang lumalakas na boses ng taumbayan.

Sa Nobyembre 30, araw ng paggunita kay Andres Bonifacio, bayani ng Pilipinong anakpawis, inaasahan ang pagbaha muli ng taumbayan sa Luneta at iba't ibang panig ng bansa para ipamalas ang galit sa korapsyon. Alinsunod sa panawagang papanagutin ang lahat ng sangkot sa korapsyon, palakas nang palakas ang sigaw ng taumbayan para patalsikin o papagbitiwin si Marcos at Duterte.

Lumalaganap ngayon ang panawagan para itatag ang isang "transition council" o konsehong pang-transisyon, na mamamahala sa estado at maghahanda ng proseso sa pagtatayo ng bagong gubyerno. Salamin ito ng malalim na pagkadismaya at kawalan ng tiwala ng malawak na mamamayan sa mga prosesong ligal ng naghaharing estado at sa mga halal na upisyal ng gubyerno. Habang nagtatagal ang krisis ng naghaharing sistema sa ilalim ni Marcos, tiyak na lalakas ang konsensus para dito ng iba't ibang saray ng lipunang Pilipino.

Iluluwal at ihuhugis ang potensyal na konsehong ito ng proseso ng pagpapatalsik sa rehimeng US-Marcos. Kung matamo, magiging bagong larangan ito ng labanan para sa hinahangad na mga pagbabago. Dapat igiit ng taumbayan ang demokratikong pagkatawan laban sa dominasyon dito ng mga naghaharing uri. Ang lakas ng demokratikong mga sektor na ipinupundar sa kilusang kontra-korapsyon at burukratang kapitalismo ay magiging puhunan sa mga labanan sa hinaharap.

Napakahalaga, kung gayon, na palakasin ng sambayanang Pilipino ang kanilang organisadong hanay at ang malawak na kilusang protesta para patalsikin sina Marcos at Duterte. Krusyal ang ilang ulit pang pagsigla at paglawak ng paglahok ng masang manggagawa, maralitang-lunsod at magsasaka sa kanayunan, na silang dumaranas ng pinakamasahol na hambalos ng korapsyon. Ito ang tiyak na yayanig sa paghahari ni Marcos. Malaki ang hamon sa mga estudyante na magtungo sa mga pabrika, komunidad at kanayunan, upang tumulong sa pagpukaw at pagpapakilos sa milyun-milyong mamamayan.

Itaas ang kamulatan ng mamamayan tungkol sa maka-uring pagsusuri sa malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan sa Pilipinas. Kailangang palalimin ang pangkasaysayang kaalaman tungkol sa paglaban ng bayan sa bulok na reaksyunaryong estado, at pangangailangan para sa rebolusyonaryong pakikibaka para ganap na baguhin ang sistema.

Sadyang napakainam ng sitwasyon para sa Partido at mga rebolusyonaryong pwersa. Dapat sunggaban ang pagkakataon para palakasin ang Partido at ang katuwang nitong mga lihim na organisasyong masa, upang magsilbing bakal na ubod at matatag na balangkas sa matagalang pakikibaka. Dapat palakasin ang panawagang magtungo sa kanayunan upang doon patuloy na ipundar ang organisado at armadong lakas ng taumbayan, at itanim ang binhi ng gubyerno ng bayan at ng malaya at demokratikong kaayusan. AB

ANG Bayan

Tomo LVI Blg. 22 | Nobyembre 21, 2025

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

Nilalaman

Editoryal: Pandayin ang lakas ng sambayanan sa gitna ng masidhing pampulitikang krisis ng rehimeng US-Marcos 1
Marcos, Duterte, pinagbibitiw sa pwesto 3
5,500 estudyante, nag-*walkout* sa Baguio City 4
Organisasyon sa Hacienda Luisita, pinatatag 4
Mga protesta 4
Pandarambong, ugat ng sakuna sa Cebu 5
Delubyo ng korapsyon tuwing sakuna 6
Sa madaling salita 7
Balita ng DRB umaabot hanggang France 8
Asembliya ng KM sa Metro Manila, naisagawa 8
US, tusong pinaiigting ang panghihimasok 8
Pakikibakang anti-pyudal sa Isabela 9
Organisador ng magsasaka sa Isabela, inaresto 10
Aset, napatay ng BHB sa Negros 10
Armadong sigalot at henosidyo sa Sudan 10


Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

Bilang Hari at Reyna ng Korapsyon

Marcos, Duterte, pinagbibitiw sa pwesto

Tahasan nang ipinapanawagan ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) ang pagbibitiw sa poder ni Presidente Ferdinand Marcos Jr at Bise Presidente Sara Duterte dahil sa pagkakadawit nila sa malawakang korapsyon sa gubyerno. Giit ng alyansa, bilang hari at reyna ng korapsyon, sila ay dapat alisin sa pwesto at ikulong sa pagdambong sa kaban ng bayan.



Dismayado ang mamamayang Pilipino dahil ilang buwan na ang nakalipas mula nang nagsimula ang mga "imbestigasyon" ay wala pa rin napananagot at nakukulong. Nagtuturuan ang mga dawit sa katiwalain at ginagamit ang mismong mga ahensya at komisyon ng gubyerno para sa malawakang *cover-up*. Walang tunay na pananagutan at hustisyang nakakamit hanggang nasa poder sina Marcos at Duterte.

Itinutulak ng Bayan ang pagtatatag ng isang "transition council" na hahalili sa pamamahala sa gubyerno at magtataguyod sa interes ng mamamayang Pilipino kung mapaalis ang mga punong tiwali. Bubuuin ang konseho ng mga indibidwal at grupo na kumakatawan sa demokratikong mga sektor na nanguna sa kilusang kontra korapsyon at kilusang magpapaalis sa mga Marcos at Duterte.

Ang mga pasabog ni Zaldy Co

Dumagdag sa galit ng mamamayan ang pasabog ni dating Rep. Zaldy Co na direktang nagtuturo kay Marcos bilang upisyal na may pinakamalaking "insertion" sa badyet para sa 2025. Aniya, inutusan siya ni Marcos na magsingit ng ₱100 bilyon na ipinangako sa kanya ng pinsan ni Marcos na si Martin Romualdez.

Naglabas din si Co ng listahan ng mga proyekto kung saan napunta ang ₱100 bilyong pondong ipinasingit ni Marcos. Ang ₱81 bilyon nito ay nakalista para sa imprastruktura, kung saan 80% ay mga proyektong *flood control*. Aniya, kumukuha si Marcos ng 25% kikbak sa mga proyektong ito. Isa si Co at mga kumpanya ng kanyang pamilya sa nakakopo ng daan-daang kontrata sa *flood control* at ibang imprastruktura.

Matapos ang pasabog ni Co, sinisante ni Marcos ang kanyang Executive Secretary na si Lucas Bersamin at apo niyang si Adrian Bersamin, gayundin ang kalihim sa badyet na si Amenah Pangandaman at partner niyang *undersecretary* ng edukasyon na si Trygve Olaivar. Ang apat ang itinuro ni Co na opereytor ni Marcos sa pagkopo ng bilyun-bilyong kikbak.

Lumalawak na panawagan para sa pananagutan

Tuluy-tuloy ang malalaki at maliliit na pagkilos na inilulunsad sa Metro Manila at mga prubinsya para manawagan ng pananagutan. Marami sa mga aktibidad ay pinamunuan ng mga organisasyong bahagi ng Kilusang Bayan Kontra Kurakot (KBKK).

Daan-daang mamamayan ng National Capital Region (NCR), pangunahin mula sa hanay ng mga manggagawa at maralitang-lunsod, ang nakiisa sa Lakbayan ng Mamamayan Kontra Korapsyon noong Nobyembre 7. Nagmartsa sila tungong Mendiola. Sa araw ding iyon, sinugod at kinalampag ng KBKK ang Office of the Ombudsman sa Quezon City. Nagprotesta ang mga manggagawang pangkalusugan sa iba't ibang ospital at ang mga guro mula sa 212 paraalan sa NCR. Kumilos rin ang mga manggagawa at unyon sa Laguna.

Noong Nobyembre 14, isang martsa ang muling inilunsad tungong Mendiola. Sa araw na iyon, nagkaroon rin ng mga pagkilos sa pitong syudad sa Metro Manila; sa Pampanga, Cavite, Laguna at sa syudad ng Iloilo, Cebu at Davao. Isinagawa rin ng mga manggagawa, migrante at estudyante sa STEM (Science, Technology, Engineering and Mathematics) ang koordinadong pagkilos sa araw na iyon. Naglunsad naman ng mga “protestang umahon” ang mga manggagawa sa kani-kanilang lugar na pinagtatrabahuan.

Noong Nobyembre 16, humigit-kumulang 3,000 indibidwal ang lumahok sa ikalawang takbo laban sa korapsyon sa UP Diliman. Isang konsyerto kontra katiwalian ang inilunsad sa Angeles City sa Pampanga sa araw na iyon. Sa magkakasunod na araw mula Nobyembre 17, naglunsad ang mga grupo ng mangingisda ng protesta sa baybay ng Manila Bay.

Noong Nobyembre 17 at 18, muling kumilos ang mg kabataan sa buong bansa sa pangunguna ng Youth Rage Against Corruption. Samantala noong Nobyembre 20, nagkalampagan ang grupo ng kababaihan sa Quezon City. AB

5,500 estudyante, nag-*walkout* sa Baguio City

Sabay-sabay na nag-*walkout* ang nasa 5,500 estudyante mula sa Benguet State University, Saint Louis University- Maryheights Campus at Main Campus, University of the Philippines-Baguio, at University of the Cordilleras, University of Baguio noong Nobyembre 18. Ang *walkout* ay bahagi ng paggunita sa International Students' Day noong Nobyembre 17.

Naglunsad ng programa ang mga kabataang estudyante sa kani-kanilang unibersidad, saka nagmartsa patungo sa Malcolm Square para sa isang sentralisadong programa. Kinundena ng mga kabataan ang malawakang korapsyon sa gubyerno at nagpapatuloy na kawalan ng pananagutan at hustisya. Nanawagan din sila para sa dagdag na badyet sa edukasyon at kinundena ang "mallification" o pribatisasyon ng pampublikong palengke ng Baguio at pagmimina ng mga dayuhang kumpanya sa kabundukan ng Mankayan.

Liban sa *walkout* sa Baguio City, naglunsad din ng makasaysayang *walkout* ang 400 estudyante ng University of Eastern Philippines sa Northern Samar noong Nobyembre 17.

Sa Maynila, daan-daang kabataan, sa pangunguna ng Youth Rage Against Corruption (YRAC), ang nagmartsa tungong Mendiola. Nagkaroon rin ng mga aktibidad at protesta ang mga kabataan sa Tarlac, Pampanga, Laguna at Quezon, sa mga syudad ng Cebu, Iloilo, Tacloban at Davao. Samantala, binatikos ng mga grupo ang sunud-sunod na mga *bomb threat* sa mga unibersidad at eskwelahan sa tangkang idiskaril ang kanilang mga protesta.

Sa Nobyembre 21, nakatakdang ilunsad ng mga grupo ng kabataan at estudyante ang isang pambansang araw ng *walkout* at pagkilos. Nanindigan ang mga estudyante na patuloy silang kikilos hangga't walang napapanagot at hindi napapaalis sa pwesto sina Ferdinand Marcos Jr at Sara Duterte. Lalahok sila sa Baha sa Luneta 2.0 sa Nobyembre 30. AB

Organisasyon ng magbubukid sa Hacienda Luisita, muling pinatatag

NANUMPA ANG MGA bagong halal na pinuno ng Alyansa ng Manggagawang Bukid ng Asyenda Luisita (AMBALA) noong Nobyembre 16 sa isang pagtitipon sa Barangay Lourdes, San Miguel, Tarlac City.

Isinabay ito sa pagtitipon para gunitain ang masaker noong 2004 kung saan pitong magbubukid sa Hacienda Luisita ang napatay sa pamamaril ng mga pwersa ng estado. Nakawelga noon ang United Luisita Workers Union at Central Azucarera de Tarlac Labor Union bilang tugon sa iligal na pagtatanggal sa 326 unyonista. Tugon din ang welga sa mala-aliping pasahod ng kumpanya, na noo'y sumasadsad ng ₱9.50 kada araw.

Pagkatapos ng pagtitipon, nagmartsa ang mga magbubukid sa mga lansangan ng Tarlac City. Dala nila ang kanilang mga panawagan para sa karapatan sa lupa, kabuhayan at paninirahan.

Inihalal ang bagong mga pinuno ng Ambala sa asembliya nito noong Nobyembre 15 na nilahukan ng mga myembro mula sa iba't ibang barangay. Karamihan ng mga bagong pinuno ay kababaihan. Nasa balikat nila ngayon ang pagbawi sa tagumpay ng welgang bayan at pagpapasigla at pagpapalakas ng organisasyon.



Paglibing kay Enrile sa Libingan ng mga Bayani, tinutulan. Puu-puong organisasyon at indibidwal ang nagpahayag ng kanilang pagtutol sa pakanang paglilibing kay Juan Ponce Enrile sa Libingan ng mga Bayani sa Nobyembre 22. Si Enrile ang kinamumuhiang arkitekto ng batas militar, mamamatay-tao at mandarambong ng kalikasan at kaban ng bayan. Namatay siya noong Nobyembre 13 sa edad na 101.

Protesta laban sa iligal na tanggalan sa Calabarzon. Nagprotesta ang mga manggagawa mula sa Pamantik-KMU sa tapat ng National Labor Relation Commission sa Calabarzon noong Nobyembre 17. Isinabay nila ito sa pagdinig ng ahensya sa mga kaso ng iligal na tanggalan sa Lazada, Shopee, at Coke.

Tumuloy ang grupo sa tanggapan ng DPWH IV-A para kundenahin ang malawakang korapsyon sa mga proyektong pang-imprastraktura.

***Silent protest* ng kaguruan at mga empleyado sa CEU.** Sa nagdaang mga linggo, nagkabit ang mga guro at empleyado ng Centro Escolar University Faculty and Allied Workers Union sa kanilang mga damit ng mga panawagan para sa disenteng dagdag sweldo, pagsusulong ng *collective bargaining agreement* (CBA) at iba pang karapatan ng mga guro at empleyado. Tugon ito ng unyon sa pagtanggi ng administrasyon na itaguyod ang isang makabuluhang CBA para sa 2025-2030.

Pagkilos laban sa COP30. Nagmartsa ang mga grupong anti-imperyalista mula Kalaw Avenue tungong embahada ng US sa Maynila noong Nobyembre 15 bilang pakikiisa sa Global Day of Action for Climate Justice. Bahagi ang pagkilos ng internasyunal na kampanya laban sa 30th Conference of the Parties o COP30 na ginaganap sa Belem, Brasil. Ang COP30 ay pagpupulong ng mga bansang nangakong kikilos sa harap ng *climate change*.

Pandarambong sa kalikasan at kaban ng bayan ang tunay na salarin sa sakuna sa Cebu

Nitong Nobyembre, hinagupit ang bansa ng magkasunod na bagyong Tino at Uwan. Nagdulot ang mga ito ng matinding pinsala sa agrikultura, imprastraktura, kabahayan at eskwelahan. Kumitil ito ng maraming buhay at nagpalayas ng daan-daan mula sa kanilang mga komunidad.

Sa Cebu, hindi bababa sa 6,000 tahanan ang nawasak, habang 2,812 ang bahagyang nasira nang tumama ang bagyong Tino noong Nobyembre 4. Dumanas ng matinding baha at pagguho ng lupa sa 40 na barangay. Abot-bubong ang rumaragasang baha sa ilang subdibisyon na nagpalutang sa puu-puong sasakyan. Buu-buong mga bahay ang tinangay sa Mandaue City, Danao City, Talisay City at Liloan, gayundin sa Consolacion at Asturias.

Sa kabuuan, umabot sa 232 na indibidwal ang namatay at 112 ang nawawala. Ang 158 sa nasawi at 58 na nawawala ay mula sa Cebu.

Pagkalipas ng ilang araw, muling hinagip ang isla ng bagyong Uwan. Nagdulot ang bagyo ng pagguho ng lupa sa Naga City at pagkasira ng mga imprastraktura sa San Remigio, Medellin at isla ng Caubian sa Lapu-Lapu City.

Ang magkakasunod na trahedya ay hindi lamang dulot ng pagbabago ng klima kundi resulta ng pandarambong sa kalikasan at sa kaban ng bayan ng naghaharing mga uri sa Cebu at bansa.

Walang pakundangang pagsira sa kabundukan at karagatan

Pinalubha ng mahigit dalawang dekada na pagkwari sa mataas na bahagi ng kalupaan sa prubinsya ang pagbaha at pagguho ng lupa. Di bababa sa 15 kumpanya ang kasalukuyang nagsasagawa ng malawakang pagkukwari sa isla. Karaniwang minimina sa prubinsya ay *limestone*, buhangin, graba at *dolomite* na ibinibenta sa mga kumpanya ng semento. Ginagamit ang mga ito sa reklamasyon sa Cebu at Manila Bay.



Mayroon ding hindi bababa sa 12 proyektong reklamasyon sa Cebu City at Lapu-Lapu City. Isa sa pinakamalaki ang 235-ektarya na Cebu City Waterfront Reclamation Project. Noong 2024, inaprubahan ang dagdag na anim na mayor na proyektong reklamasyon na may kabuuang 765 ektarya. Sinira ng mga proyektong ito ang mga bakawan na dating nagprotekta sa mga komunidad sa dalampasigan mula sa malalakas na bagyo, alon at baha. Binara din nito ang mga natural na daluyan ng tubig.

Dagdag na dahilan ng pagragasa ng baha ang walang pakundangang pagtatayo ng mga proyektong *real estate* at turismo sa matataas na bahagi ng Metro Cebu. Isa rito ang The Rise sa Monterrazas de Cebu, isang marangyang pabahay na inukit sa gilid ng bundok sa Cebu City. Dati nang inutusan ang Monterrazas na itigil ang proyekto matapos ang mga pagbaha at pagguho ng lupa sa mga baryo sa ibabang bahagi ng bundok.

Korapsyon sa mga proyektong *flood control*

Pinalala ang pagragasa ng baha at pagguho ng lupa mula sa matataas na bahagi ng Cebu ng palpak na mga proyektong *flood control* sa mababababang bahagi ng isla.

Ayon sa datos ng estado, umabot sa 343 ang proyekto para sa *flood control* sa Cebu mula 2016 hanggang 2022, at nasa 168 na proyekto mula 2023 hanggang 2025. Naglaan ang prubinsya ng ₱26.7 bilyon para sa 414 proyektong *flood control* para sa taong 2022 hanggang 2025. Inamin ng lokal na gubyerno na lahat ng itinayong *flood control* mula 2019 ay palpak o *substandard*.

Pinakamaraming nakuhang kontrata sa Cebu ang QM Builders at Quirante Construction Corp. ng pamilyang Quirante; Alpha & Omega at St. Timothy Construction ng mga Discaya; Centerways Construction & Devt. Inc ni Lawrence Lubiano; Legacy Construction ni Alex Abelido; at WTG Construction & Development Corp. ng pamilya ni Sen. Bong Go.

Galit ng mga Cebuano

Nagprotesta ang mga biktima ng bagyong Tino mula sa Barangay Paknaan at Mandaue City at myembro ng Bagong Alyansang Makabayan-Central Visayas noong Nobyembre 15 sa Gorordo Avenue. Kinundena nila ang korapsyon sa prubinsya at nanawagan ng kumpensyasyon para sa mga nasalanta. Nagsindi rin sila ng kandila at pinatunog ang mga kampanilya bilang pag-alala sa mga nasawi sa bagyo.

Noong Nobyembre 18, upisyal na binuo ng mga demokratikong grupo at sektor ang Kalihukang Sugboanon Kontra Korapsyon (KASUKKO) bilang alyansang kontra korapsyon sa Cebu. Nanawagan ang alyansa sa mamamayan na lumahok sa pambansang protesta sa Nobyembre 30 sa Fuenta Osmeña, Cebu City. AB

Delubyo ng korapsyon at pang-aapi sa uring manggagawa tuwing sakuna



Tuwing nalulubog sa baha ang mga komunidad at kalsada, doble ang tama sa uring manggagawa. Madalas, sila ang nakatira sa mabababa at bahaing bahagi ng mga syudad kung saan itinayo ang palpak at palabigasang mga proyektong *flood control*. Hindi lamang napipinsala ang kanilang mga bahay at komunidad, nawawalan din sila ng kita, nasasadlak sa di ligtas na mga kundisyon sa paggagawa at nanganganib matanggal sa trabaho.

Pinakamatindi ang pinsala sa mga manggagawang mababa ang sahod, mga kontraktwal, "self-employed," at iba pang sa aktwal ay walang trabaho at mala-proletaryado. Sila ang mga "no work-no pay," halos walang benepisyo at wala o kakarampot na impok.

Isa rito si Carl na mag-isang nagtataguyod sa kanyang pamilya. Binaha ang kanyang bahay noong tumama ang bagyong Tino sa Cebu. Isang linggo matapos manalasa ang bagyo, silang magkakapatid ay hindi pa rin nakababalik sa trabaho dahil sa pag-asikaso sa kanilang nasirang tirahan. Ubos na ang kanyang sahod. Ubos na rin ang 13th *month pay* na maagang ipinamahagi ng kanyang amo para sana sa Pasko.

Galit siya sa kalagayang kinailangan niyang kumuha ng panggastos mula sa pinaghirapan niyang impok habang walang napapanagot sa mga kurakot. "Ang hirap maging biktima ng korapsyon," aniya. "Hindi lang ito pagnanakaw ng pera, pagnanakaw din ito ng oras at dignidad (naming mga manggagawa)."

Sa Balamban, Cebu, ligtas sa baha ang *shipyard* ng Austal Limited, isang kumpanyang Australian na nag-eempleyo ng 1,500 Pilipino. Pero mahigit 40% ng mga manggagawa nito ang lumiban sa trabaho. Isa rito ang *welder* na si Rico na nakatira sa bahagi ng Mandaue City na buong nabura nang masira ang dike at rumagasa ang tubig-baha mula sa Butuanon River.

"Tuyo ang *shipyard* pero lubog sa baha ang aming baryo," aniya. Binigyan siya ng *emergency leave*, pero walang bayad. Sa apat na araw siyang nakaliban, nawalan siya ng ₱2,000 kita. Wala siyang natanggap na tulong para sa rehabilitasyon mula sa Austal at sa gubyerno.

Pwersahang pagpapatrabaho sa gitna ng kalamidad

Iniulat ng BPO Industry Employees Network (BIEN) na sa kasagsagan ng mga bagyong Tino at Uwan, pinwersa ng di bababa sa 98 kumpanyang BPO ang kanilang mga empleyado na pumasok sa trabaho.

"Sinabihan kaming pumasok at kung hindi ay babawasan ang bayad sa amin," salaysay ng isa sa mga *call center agent* sa Metro Manila. Lumusong siya sa baha, sumakay ng dyip na nasiraan sa gitna ng byahe. "Hindi ako umabot sa *shift* kaya pinadalhan ako ng *warning* sa *email*."

"Tawa-iyak" na lamang ang isa pang empleyado na pinilit mag-*work-from-home* sa gitna ng malawakang *brown-out*. "Tatlong araw akong walang nagawa at walang kita," aniya. Kinailangan niyang magobertaym nang walang bayad para mahabol ang kanyang kota.

Sa Bulacan, 200 kababaihang manggagawa ang pinilit na pumasok noong Nobyembre 11 para sa "11-11 sale" o araw na may diskwento ang mga kumpanyang nagbebenta sa internet. Tulad sa iba, lumusong sila sa baha para marating ang pinagtatrabahuang bodega.

"Nakakagalit ang mga ganitong kwento ng paghihirap sa oras ng matinding sakuna," ayon sa Kilusan ng Manggagawang Kababaihan. "(I)nuuna (pa) ng malalaking kumpanya ang malaking tubo kaysa sa kaligtasan ng kanilang mga manggagawa."

Ang Bulacan ang sentro ng iskandalo ng maanomalyang mga proyektong *flood control*, pangalawa ang Cebu.

Protestang "umahon sa baha at korapsyon"

Noong Nobyembre 14, inilunsad ng Kilusang Mayo Uno at di bababa sa 10 unyon ang "protestang umahon mula sa krisis ng baha at korapsyon." Lumahok dito ang mga manggagawa ng Nexperia, Wyeth, Vanson Paper, Regan, Himmel, PLDT, Kowloon House, 4E Builders, at mga manggagawa sa North Harbor at First Cavite Industrial Estate.

"Sa pagragasa ng mga delubyo, higit na nailantad ang kainutilan ng gubyernong Marcos na tugunan ang mga kalamidad," pahayag ng KMU.

Noong Nobyembre 18, humarap sa midya ang mga manggagawa sa ilalim ng alyansang Working People Against Corruption para ianunsyo nag paglahok ng uring manggagawa sa pagkilos sa Luneta sa Nobyembre 30. AB

₱100 BILYON

ang ayon kay Zaldy Co, dating kongresista, ay ipinasingit ni Marcos Jr sa badyet para sa 2025; 25% o ₱25B nito ay napunta kay Marcos bilang kikbak o "SOP".



1,800 klasrum ang nasira dahil sa bagyong Uwan

1,182 dito ang bahagyang nasira, **366** ang lubhang nasira at **261** ang tuluyang nawasak. Naitala ang pinakamalaking pinsala sa Bicol, Calabarzon at Cordillera Administrative Region.

₱550

tunay na halaga ng sahod noong Oktubre, sa kabila ng mababang tantos ng implasyon; hindi pa rin makaagapay ang sahod sa mataas na presyo ng pagkain, bilihin at serbisyo.



₱4.35 BILYON

halaga ng maanomalyang *flood control project* sa Davao City na ipinatupad noong 2019-2022; 80 sa mga ito ay sa unang distrito ng Davao City.

Pinagkunan: ACT Teachers Partylist

₱13.60/litro ↑

pagsirit ng presyo ng *diesel* mula Oktubre 15, sa loob ng pitong linggo mula unang linggo ng Oktubre; ₱9.60/litro ang itinaas sa presyo ng gasolina at ₱10.70/litro sa kerosin.

₱5.1 BILYON

utang na di mabayaran ng 38 kooperatiba ng mga "modernong dyip" noong 2024-2025, dahilan ng kanilang pagsasara at pagkawala ng kabuhayan ng daan-daang drayber.



242 pinatay na Palestino ng mga sundalong Israeli sa Gaza sa kabila ng tigil-putukan na nagsimula noong Oktubre 10.

Pinagkunan: Gaza's Health Ministry, November 10, 2025

4% INILAGO NG GDP

sa ika-3 kwarto ng 2025, pinakamabagal sa nakaraang 14 taon; sumadsad sa 4.1% ang paglago ng *household consumption* (gastos ng mga pamilya), pinakamababa sa 15 taon (di kasama ang mga taon ng pandemya).

Pinagkunan: Ibon Foundation

Umaabot ang balita ng digmang bayan ng Pilipinas hanggang France

Kada dalawang linggo, nagtitipun-tipon ang mga myembro ng Committee to Support the Revolution in the Philippines (CSRP), alyado ng Friends of the Filipino People in Struggle (FFPS) sa France, para magtalakay ng isyu ng Ang Bayan (AB). Bahagi ito ng regular na programa ng CSRP para pag-aralan at palaganapin ang mga nakamit at pagsulong ng digmang bayan sa Pilipinas.

Ayon sa Balita from FFPS, pahayagang masa ng grupo, naging kalakaran na ng CSRP ang pumili ng mahahalagang artikulo sa AB at pagtatalaga sa mga magtatalakay rito. Bahagi ng paghahanda para sa pag-aaral ang pagsasalin ng mga napiling artikulo sa wikang French.

"Mayroong iba't ibang paraan ang mga kasama para maghanda sa pag-aaral sa isang artikulo," pahayag ni Ka Isaak ng CSRP. Aniya, noong una ay nakatutok lamang ang mga myembro sa simpleng pagsasalin sa artikulo ngunit kalaunan ay mas naging komportable na sila at nakapagbibigay na ng karagdagang mga konteksto at impormasyon.

"Halimbawa, nagpapakita sila ng mapa para tukuyin ang lokasyon ng ilang mga syudad at prubinsya, nagbibigay ng dagdag na detalye sa buhay ng isang martir, o ipaliliwanag ang kasaysayan ng isang organisasyon," ayon kay Ka Isaak.

Nakita ng CSRP ang positibong epekto ng kanilang regular na talakayan. Tumaas ang kumpyansa ng mga myembro nila na talakayin sa publiko ang rebolusyong Pilipino at higit silang nahihikayat na makibahagi sa gawain sa internasyunal na pakikipagkapatiran.

"Ang AB ay higit sa isang instrumento ng pagmumulat. Ang ilan sa mga nakikibahagi sa talakayan ay sumali na sa CSRP, at ngayon ay lumalahok na sa aming mga mobilisasyon," ayon kay Ka Isaak. Nagwawagayway na sila ng mga bandila ng FFPS at ng National Democratic Front of the Philippines at nagpahayag ng kahandaang suportahan ang rebolusyong Pilipino, aniya. AB

Asembliya ng KM sa Metro Manila, naisagawa

NAGLUNSAD NG ASEMBLIYA ang isa sa mga balangay ng Kabataang Makabayan (KM)-Metro Manila Luzille Gypsy Zabala Brigade sa isang sikretong lokasyon noong Nobyembre 16. Isinagawa ang pagtitipon bilang bahagi ng paggunita sa ika-61 anibersaryo ng KM sa Nobyembre 30.

Tinalakay sa asembliya ang mahigpit na tungkulin ng KM sa pagpapalakas ng kilusang kabataan-estudyante sa sentrong lungsod. Ayon kay Ka Karso Mapagpalaya, isa sa dumalo sa asembliya, handa ang kabataan sa rehiyon na tanganan ang rebolusyonaryong mga tungkulin ng KM.

Aniya, bibiguin ng KM ang mga pasistang atake ng rehimeng Marcos Jr at tutupdin ang tungkulin ng paglahok ng kabataan sa landas ng armadong pakikibaka. "Dapat isapuso ng bawat kabataan ang ultimong kahalagahan ng KM sa pagsusulong ng rebolusyong Pilipino!"

US, tusong pinaiigting ang panghihimasok sa gitna ng mga sakuna

Habang lubog sa baha ang mamamayang Pilipino, abala ang US sa pagpapaigting ng interbensyong militar nito sa bansa. Katuwang ang tuta nitong Armed Forces of the Philippines (AFP), ginamit nitong tabing ang HADR (*humanitarian assistance and disaster response*) para tuluy-tuloy na makapaglunsad ng *war games* at iba pang aktibidad militar.

Nananatili ang mga tropang Australian, isang mayor na alyado ng US sa Pacific, sa isla ng Panay sa kasagsagan ng Bagyong Tino. Tinapos nito ang 1-buwang *war games* na Kasangga: 2025-02 noong Nobyembre 7 sa Camp Peralta sa Camindan, Capiz.

Sa kasagsagan ng Bagyong Uwan, lumitaw ang presensya ng mga pwersang Amerikano sa Hilagang Luzon kung saan inilulunsad din ang 10-araw na Joint Exercise (AJEX) Dagat, Langit at Lupa (DAGITPA) ng AFP. Hindi lantarang kalahok ang US sa pagsasanay na ito. Gayunpaman, bahagi ang pagsasanay sa isinusulong ng US na paghahanda at paghahamon ng gera sa karibal nitong imperyalistang China. Mismong ang hepe ng AFP ang nagdeklarang paghahanda ito sakaling "salakayin ang Taiwan." Napilitan ang AFP na pansamantalang itigil ang pagsasanay para magsagawa ng HADR, kasama ang mga tropa ng US, sa ilang bahagi sa Luzon.

Nanatili rin ang mga barkong pandigma ng US sa teritoryong pandagat ng Pilipinas sa panahong ito. Noong Nobyembre 14-15, inilunsad nito ang ika-13 Multilateral Maritime Cooperative Activity, kasama ang Japan, at sa unang pagkakataon, ang Philippine Navy. Nakipaggirian ang mga ito sa mga barkong Chinese malapit sa Scarborough Shoal.

Sa Alamada, North Cotabato, inilunsad ang isang di isinapublikong pagsasanay militar noong Nobyembre 11-14. Sa mga araw na ito, tiniis ng mga residente ang maghapong walang tigil na pagpapaputok ng iba't ibang klaseng armas. Inulat nila ang presensya ng mga dayuhang tropa na nagsilbing mga instruktor sa pagsasanay ng mga maniobrang kombat sa kanilang mga sakahan at sityo. AB

Depensa sa lupa at pakikibakang anti-pyudal sa Isabela

Sa harap ng maraming hamon, nagpapatuloy ang apat na laban ng mga magbubukid para sa kanilang karapatan sa lupa sa Isabela. Mula 2019, naglunsad sila ng mga kampuhan, bungkalan, mga dayalogo, petisyon at komprontasyon laban sa panginoong maylupa at mga ahensya ng gubyerno.

Sa sentral na Isabela, dalawang komunidad ng mga magsasaka ang lumalaban para sa kanilang karapatan sa *homestead*. Ang erya ay kinakamkam para maging bahagi ng mas malawak na *agro-industrial zone* na ginagamit para sa malalaking *poultry*, bodega, plantasyon ng melon, tubo at iba pa.

Isa sa mga eryang ito ang mahigit 20 ektaryang *homestead* na palayan, maisan at melonan na binubungkal ng 20 pamilya. Higit 40 taon nang dating tenante na naging benepisyaryo ng repormang agraryo ang mga pamilya. Sa sama-samang pagkilos, nabawi nila ang inagaw na mga sakahan, napatigil ang pagbebenta sa lupa, at napahinto ang paniningil sa upa. Napahinto rin nila ang panliligalig at pagbabahay-bahay ng mga pulis at militar.

Sa isa pang bayan, lumalaban ang mga magsasaka para mahigit 20 ektaryang *homestead* na palayan, maisan at gulayan. Binubungkal ang lupa ng 17 pamilyang magsasaka na 50 taon nang tenante sa lugar. Noong 2021, biglang nagpakita sa lugar ang kamag-anak ng panginoong maylupa na may dalang peke na "reconstituted" o muling binuong titulo at inaagaw ang lupa. Mula noon ay aktibong lumalaban ang mga magbubukid para sa kanilang karapatan sa lupa, sa kabila ng panunupil at paglabag sa karapatang-tao.

Sa timog Isabela, patuloy ang pagtatanggol ng mga magsasaka sa kanilang karapatang magbungkal sa dalawang erya. Nakapananatili ang mga magsasakang inaagawan ng lupa at disimuladong nakapagbubungkal para sa kanilang konsumo at kabuhayan sa kinakamkam na halos 70 ektaryang lupa ng isang kumpanya sa pagmimina. Sa isa pang bayan, nilalabanan ng mga magbubukid ang pag-angkin sa 50 ektaryang lupa sa tabing ng National Greening Program ng gubyerno.

Susi ang pampulitikang pag-aaral sa pagpapataas ng militansya

Sa nagdaang anim na taon, malaki ang naging papel ng mga pampulitikang pag-aaral para itaas ang militansya at patibayin ang loob ng mga magbubukid sa kanilang paglaban. Naging epektibo itong pananggalang sa bagsik ng mga panginoong maylupa at pwersa ng Armed Forces of the Philippines at Philippine National Police.

Sa apat na kampanya sa Isabela, tinitiyak ang pagbibigay ng mga pampulitikang pag-aaral sa iba't ibang yugto ng pagkilos ng mga magbubukid. Iniangkop nila ang mga talakayan sa partikular na kalagayan, pihit ng sitwasyon at ilunsad na kolektibong pagkilos.

Binuo at pinag-aralan nila ang kampanyang papel kaugnay ng pangangamkam sa lupa na kinahaharap. Pinag-aralan ang ligal na katayuan ng mga magbubukid, ang kasaysayan ng lupa at ang karapatan nila rito. Iniugnay nila ito sa pangkalahatang pakikibaka ng uring magsasaka sa pagtatalakay sa pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa.

Kasabay ng pagkakatatag sa mga samahang magsasaka, tinalakay ang oryentasyon ng kanilang mga organisasyon. Nakapagtalakay rin sila hinggil sa isyu ng labis-labis na importasyon ng bigas, pagtatayo ng base militar ng US sa rehiyon sa bisa ng Enhanced Defense Cooperation Agreement at iba pang isyung pambayan sa tuwing lalahok sa mga rali.

Pormal din silang nag-aaral ng Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino at Espesyal na Kursong Masa. Sa paglalim ng rebolusyonaryong kamulatan, tinalakay nila ang rebolusyonaryong oryentasyon at tungkulin ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid. Sa ilang pagkakataon, nagtalakay din sila ng Ang Bayan.

Naging tampok din ang pag-aaral ng mga magbubukid sa kalagayan sa karapatang-tao at paglaban sa kampanyang pagpapasuko ng mga pulis, militar at National Task Force-Elcac. Ginamit nila itong pansalag sa walang tigil na pag-atake sa kanilang pagkakaisa at tangkang idiskaril ang kanilang laban sa lupa. Nanindigan ang mga komunidad laban sa paninindak at panlalansi ng mga traydor na "dating rebelde."

"Kailangang ipagpatuloy ang [mga pag-aaral] sa iba pang mga myembro nila lalo at nagiging mas marahas at mahirap ang lokal na pakikibakang nila sa lupa," ayon sa ulat ng mga organisador. AB



Organisador ng magsasaka sa Isabela, inaresto

Kinundena ng Karapatan-Cagayan Valley ang iligal na pagdakip kay Stalin Valencia, isang organisador ng magsasaka. Dinakip ng pinagsanib na pwersa ng Philippine National Police (PNP) at 5th ID si Valencia noong Nobyembre 15 sa San Mateo, Isabela. Kumakaharap siya sa patung-patong na mga kasong kriminal, kabilang ang bigong pagpatay, pagpatay at panununog sa Cagayan Valley.

Magdamag na hindi inilitaw si Valencia, at pinagkaitang makita ng kanyang pamilya at piniling abugado. Pinangambahan nilang ipinailalim siya sa interogasyon at sikolohikal na pagpapahirap.

Sa Negros, magkakasunod ang naitalang mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao mula Oktubre 28 hanggang Nobyembre 4.

Pag-aresto. Dinakip ng mga sundalo ng 94th IB ang katutubong si Anoy Pacheco habang papunta sa kanyang sakahan sa Sityo Tigbao, Barangay Buenavista, Himamaylan City noong Nobyembre 4. Si Pacheco ay anak ng isang "Kalanyan" o lider katutubo sa kanilang lugar na Tribu Magahat-Bukidnon.

Panghahalughog. Noong Oktubre 28, sapilitang pinasok at niransak ng mga sundalo ang bahay ng magsasakang si Remy Villacanao. Kasunod nito ay sinugod at pinalibutan ng mga sundalo ang bahay ni Chona Martinez, asawa at kapatid ng mga biktima ng pampulitikang pagpaslang ng militar.

Sa Laguna, nahaharap sa bantang demolisyon ang komunidad ng maralita sa NIA Road Purok 7 sa Barangay Pooc, Sta. Rosa, Laguna. Ang demolisyon ay sinasabing magbibigay daan sa *road concreting project* ng ahensya. Itinakdang isagawa ito simula Nobyembre 18. AB

Aset na sangkot sa pagpatay kay Ka Juanito Magbanua, napatay

NAPATAY NG BAGONG Hukbong Bayan (BHB)-South Central Negros (Romeo Nanta Command) sa inilunsad nitong armadong aksyon ang intel aset ng 94th IB na si Jomy Pelarta noong Nobyembre 6 ng gabi sa Sityo Sig-ang, Barangay Carabalan, Himamaylan City, Negros Occidental. Sangkot si Pelarta sa pagpatay sa *hors de combat* na tagapagsalita ng BHB-Negros Island na si Ka Juanito Magbanua (Romeo Nanta) noong 2022.

Si Pelarta ang nagturo sa lokasyon ni Ka Juanito sa Sityo Medel. Dinakip, tinortyur at sadyang pinaslang ng mga sundalo ang noo'y naka-*medical leave* na tagapagsalita. Matapos nito, pinalabas na napaslang siya sa isang armadong engkwentro. Imbwelto rin si Pelarta sa pagpapareyd sa yunit ng BHB ilang araw bago niya ipinadakip si Ka Juanito. Sangkot din si Pelarta sa dalawang kaso ng panggagahasa, at tangkang panggagahasa.

Armadong sigalot at henosidyo sa Sudan, dulot ng imperyalistang *proxy war*

Patuloy na nalulugmok sa kaguluhan ang Sudan mula nang sumiklab noong 2023 ang digmaan sa pagitan ng Sudanese Armed Forces (SAF) at Rapid Support Forces (RSF). Mahigit 150,000 katao na ang napatay sa gera, at milyun-milyon pa ang napilitang lumikas.

Nasa 25 milyong Sudanese ang dumaranas ng matinding kakulangan sa pagkain. Itinuturing ang bansa na may isa sa pinakamalulubhang krisis sa kagutuman sa buong mundo.

Ayon sa International League of Peoples' Struggle (ILPS), hindi simpleng tunggalian ng lokal na mga pwersa ang nagaganap sa Sudan. Nanghihimasok dito ang US sa layuning kontrolin hindi lamang ang gubyerno ng Sudan kundi maging ang yamang-mineral ng bansa.

Pinagsasabong ng US, sa pamamagitan ng mga alyado nito sa Middle East, ang RSF at SAF. Katuwang nito ang Mossad, ahensyang paniktik ng Zionistang Israel, sa pagsasanay sa RSF. Pinasisiklab ng US ang sigalot upang pahinain ang pagkakaisa ng mga bansang African at Arab at panatilihin ang kontrol nito sa likas na yaman ng rehiyon, laluna sa ginto at langis. Pinayagan din ng US ang mga papet nito sa Middle East na makinabang sa bentahan ng armas sa magkabilang panig.

Makikita rito na ang US ang pangunahing may pananagutan sa krisis at antas-henosidyong karahasan sa Sudan, ayon sa ILPS.

"Ang krisis sa Sudan ay repleksyon ng mga naunang interbensyong imperyalista sa Iraq, Libya, at Syria," anito. Katulad ito sa mga digmaang isinagawa sa ngalan ng demokrasya pero sa katotohanan ay para sa interes ng US at mga alyado nitong bansa. Bahagi rin ito ng mas malawak na kampanya ng US at kanilang mga alyado para hatiin at kontrolin ang mga bansa sa Africa at West Asia. Kasama rito ang mga gera sa Democratic Republic of the Congo at ang pananalakay sa Yemen at Palestine, na lahat umaatake sa karapatan ng mga mamamayan sa sariling pagpapasya. AB